# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 41 BILANG 1 BASAHIN AT TALAKAYIN ENERO 2021


EDITORYAL

# Labanan ang pakanang chacha ni Duterte at isulong ang ekonomyang umaasa-sa-sarili!

Sa halip na ibangon ang ekonomya ng bansa, tiyak na lalong ilulugmok ang Pilipinas ng hakbanging *charter change* (chacha) upang baguhin ang mga pang-ekonomyang probisyon ng reaksyunaryong Saligang Batas pabor sa mga neoliberal na patakarang itinataguyod ng mga imperyalistang bayan. Ang pakanang chacha ay pagyukod lamang ni Duterte sa kagustuhan ng among imperyalismong US at China na higit na buksan ang ekonomya ng bansa para sa kanilang pandarambong at higit na isandig ang bansa sa kanilang mga ekonomya. Lalo nitong itatali ang ekonomya ng Pilipinas sa pandaigdigang krisis pampinansya na pinalala pa ng hindi pa rin naaampat na krisis ng pandemyang COVID-19.

Sa pamamagitan ng chacha, babaguhin ang mga probisyon sa ekonomya upang ganap na ibukas ni Duterte na dambungin at pagsamantalahan ng mga dayuhang korporasyon ang likas-yaman at patrimonya ng Pilipinas. Hindi lamang nito yuyurakan ang pambansang soberanya kundi buumbuo na inihahain pa ni Duterte ang bansa para lapastanganin ng mga imperyalista sa ngalan ng tubo at sa kapinsalaan ng mamamayang Pilipino. Malinaw na ang pakanang chacha ng rehimeng Duterte ay may layuning palawigin ang pananatili sa kapangyarihan ng naghaharing burukrata-kapitalistang pangkatin ng lokal na naghaharing-uri at ng angkan ni Duterte.

Ngayon pa lang, nagkukumahog na si Duterte kung paano pa nya lilinlangin ang mamamayang galit na galit sa kanyang pasistang paghahari. Pinaiingay na nito ang chacha sa Kongreso upang itulak hindi lamang ang pagbabago ng mga pang-ekonomyang probisyon sa reaksyunaryong saligang batas kundi upang buhayin muli ang kanyang nakabimbing pakanang pekeng pederalismo.

Sa pakanang chacha, niluluto ni Duterte na makapanatili sa estado-poder lampas pa sa taong 2022 sa pamamagitan ng kudetang konstitusyunal na pederalismo at patakbuhin ang buong bansa tulad ng Davao City na paghaharian



# KALATAS

ENERO 2021
TOMO 41 BILANG 1

NILALAMAN


1 Labanan ang pakanang chacha ni Duterte at isulong ang ekonomyang umaasa-sa-sarili!

4 Ang mukha ng E-CLIP sa Rizal at Hilagang Quezon

5 Opensibang postura ng BHB-TK ngayong Enero, bumigwas sa pasistang AFP at PNP

6 Pahirap na blended/distance learning sa kanayunan

7 Isang taon matapos ang pagsabog ng Bulkan Taal

8 Mga Yulo at Ayala, pasimuno ng pandarahas sa mga magsasaka ng Hacienda Yulo

9 Tugon ni PdG: Bakit hindi maaaring ituring na terorista ang CPP-NPA?

11 RCSPO sa mga komunidad ng maralita sa Rizal

13 Pagkilatis sa lunas: Mga dapat malaman sa bakuna sa COVID-19

15 Kultura: Susuko o Lalaban?



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com


ng kanyang angkan o ng sinumang kanyang babasbasan. Kung maisasakatuparan ang kanyang ninanais, magkakaroon muli ng panibagong tulak ang kanyang mga pangarap para ganap na itatag ang kanyang pasistang paghahari higit pa sa nakamit ng diktadurang US-Marcos.

Sa pinapakanang chacha ni Duterte, mawawala ang mga probisyon sa reaksyunaryong saligang batas na diumano'y naggagarantiya sa soberanya ng Pilipinas at nagbabawal sa anumang dayuhang entidad na 100 porsyentong ariin ang mga pambansang yaman tulad ng lupa, karagatan, yutilidad at mga batayang industriya. Buumbuo nang aalisin ang mga garantiya na nagpoprotekta sa karapatan at interes ng mamamayang Pilipino. Sa madaling salita, ganap na isusubasta at ibebenta na ni Duterte ang bansa at mga pamanang yaman nito sa malaking dayuhang negosyong interes. Layon ni Duterte na gawin ang lahat upang hulmahin ang isang neoliberal at pasistang saligang batas batay sa kanyang kagustuhan at pangangailangan ng kanyang mga imperyalistang amo. Kabilang dito ang pagpapanumbalik ng mga base militar ng US sa bansa at pagtatanggal sa lahat ng mga demokratikong karapatan at kaluwagan para sa mamamayan na naipagtagumpay matapos ibagsak ang pasistang diktadurang Marcos.

Hindi pa man nakakalusot ang chacha ni Duterte, matindi na ang hambalos sa mamamayan ng neoliberalismo. Inihahain nito ang iba't ibang insentibo sa pagbubuwis at isang maamong paggawa upang umakit ng dayuhang puhunan. Marahas na sinusupil nito ang kilusang unyon at pinaiiral ang di nakabubuhay na sahod ng mga manggagawa upang garantiyahan ang pagkaganid sa tubo ng malalaking negosyong dayuhan at lokal. Walang malinaw na programa ang rehimeng Duterte na isalba ang maraming pagtiklop ng maliliit at katamtamang laking empresa na pinadapa ng pandemya. Sa kabilang banda, napakalaking mga pabor at alwan ang ibinibigay nito sa malalaking burgesya kumprador sa bansa tulad nila Ramon Ang, Manny Pangilinan, Manny Villar at Dennis Uy.

Sa pakanang chacha higit na magiging bulnerable ang mamamayang Pilipino sa tama ng pumapaimbulog na implasyon at pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin bunga ng hindi maampat na pagdurugo ng ekonomya. Patuloy nitong ipagkakait sa mamamayan ang mga batayang serbisyong panlipunan tulad ng kalusugan, edukasyon at pabahay. Sa katunayan, palalalain ng chacha ang monopolyong kontrol sa lupa ng malalaking kumprador, panginoong maylupa at mga burukrata at ang kawalang lupa ng masang magsasaka. Ililibing ng chacha ni Duterte ang pangarap ng masang magbubukid para sa lupang mabubungkal at kikitlin ang aspirasyon ng mamamayan para sa pambansang industriyalisasyon na susi sa pagtatatag ng isang ekonomyang umaasa-sa-sarili.

Sa gitna ng malaganap na paghihikahos, kawalang trabaho't hanapbuhay, korapsyon at pasismo, lalong tumitindi ang mithiin at pangangailangan upang isulong ng mamamayan ang kanilang pambansa at demokratikong aspirasyon para sa isang malaya at masaganang bukas. Dapat nilang ipagtanggol ang pambansang soberanya at minanang yaman mula sa kontrol ng imperyalismong US at China.

Hindi ang pakanang chacha ang magbabangon sa matagal nang lugmok na ekonomya ng bansa. Kailangang lutasin ang ugat ng pagiging atrasado at kalagayang pre-industriyal ng Pilipinas. Kailangang wakasan ang dantaong suliranin ng masang magsasaka

sa kawalan at kakulangan sa lupa sa pamamagitan ng rebolusyong agraryo. Kailangang isulong ang pambansang industriyalisasyon at isabansa ang lahat ng estratehiko at kinakailangang industriya para buuin ang pambansang kapital na tutugon sa pangangailangan ng lahat ng mamamayan. Hindi lamang nito ibabangon ang ekonomya ng bansa kundi siyang magdudulot ng tunay na kasaganaan sa mamamayan.

Sa nakalipas na mahigit 50 taon, nabenepisyuhan ng mga tagumpay ng rebolusyong agraryo ang daan-libong pamilyang magsasaka na nakinabang ng minimum na programa sa reporma sa lupa ng Demokratikong Gubyernong Bayan tulad ng pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid, pagpawi ng usura at pagpapataas ng produksyon.

Tampok sa mga karanasan sa TK na nagdulot ng pagbuti sa kabuhayan ng masang magsasaka at mamamayan ang pagpapababa ng upa sa lupa mula sa hatiang 70-30 pabor sa mga panginoong maylupa tungong 50-50, 60-40 hanggang tersyong baliktad pabor sa mga magsasaka at ang pagpapataas ng presyo ng mga produktong-bukid tulad ng kopra at palay. Sa mga maisan at palayan, tampok ang pagpapababa ng upa sa lupa mula 35% tungong 5-10%. Nariyan din ang pagpapataas ng arawang sahod ng mga manggagawang bukid mula P50-P70 tungong P300-P350. Samantala, saanman kakayanin, sinisimulan nang ipatupad ang maksimum na programa ng pagkumpiska sa lupa ng mga despotikong PML at libreng ipinamamahagi sa mga magsasaka.

Sa pamamagitan ng mga kampanyang antipyudal at mga tagumpay ng rebolusyong agraryo, hindi lamang hakbang-hakbang na pinahihina ang gulugod ng pyudal na kapangyarihan ng mga PML kundi naitataas ang produksyong agrikultural na nilugmok ng neoliberal na imposisyon ng imperyalismong US. Itinataas ng mga kampanyang antipyudal ang kamalayan ng masang magbubukid upang labanan ang nagpapatuloy na neokolonyal na kontrol ng mga imperyalista sa ekonomya na siyang nagtutulak ng mga patakarang neoliberal katulad ng General Agreement on Tariffs and Trade-World Trade Organization (GATT-WTO), mga pekeng reporma sa lupa tulad ng Comprehensive Agrarian Reform Law at ang pinakabagong Rice Liberalization Law na pangunahing dahilan ng pagbagsak ng presyo ng palay.

Ang mga pakikibakang anti-pasista, anti-imperyalista at antipyudal na isinusulong ng mamamayan ang hahawan sa kagyat na pagbabagsak sa kinamumuhiang papet at pasistang rehimeng US-Duterte at sa matagalang sukatan, ng buong sistemang malakolonyal at malapyudal na kinakatawan nito. Ang panlipunang ligalig at kahirapang nararanasan ng mamamayan ay namamayani na bago pa maluklok ang rehimeng Duterte at magpapatuloy pa ito hanggga't hindi tuluyang naibabagsak ang sistemang malakolonyal at malapyudal sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa gitna ng mga papahigpit na kalagayan sa buong bayan, kailangang magpunyagi ang mamamayan para ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa Pilipinas. Kailangang ubos-kayang magpunyaging isulong at paigtingin ang armadong pakikibaka kaalinsabay ng pagsusulong ng rebolusyong agraryo at pagtatatag ng maraming Pulang base ng rebolusyon. Patamaan sa ulo at iba't ibang bahagi ang rehimen at ang teroristang AFP-PNP sa pamamagitan ng paglulunsad ng mas matitindi at mas maraming taktikal na opensiba.

Sa pagpasok ng panibagong taon, maaliwalas na tinatanaw ng buong rebolusyonaryong kilusan at mamamayan na matatamo ang kanilang mga pambansang adhikain at demokratikong kahilingan sa nalalapit na hinaharap. Nananatiling mataba ang lupa para sa rebolusyon at hinog na hinog ang mga kalagayan upang isulong ito. Ang matatag, wasto at mahusay na pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan ang siyang garantiya ng mas malalaki pang mga tagumpay sa lahat ng larangan ng labanan. Tuloy ang pakikibaka ng mamamayan laban sa papet at pasistang rehimeng US-Duterte at sa kinakatawan nitong malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas para sa isang malaya at masaganang lipunan na may sosyalistang perspektiba. K



# Ang mukha ng E-CLIP sa Rizal at Hilagang Quezon

Panlilinlang sa mamamayan at paninira sa rebolusyonaryong kilusan — ito ang tunay na mukha ng programang Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) ng rehimeng US-Duterte. Desperasyon ito ng rehimen upang palabasing "nagwawagi" ang kontra-rebolusyonaryong kampanya nito laban sa rebolusyonaryong armadong kilusan ng mamamayan.

Malaking pasakit ang E-CLIP sa mamamayan habang pinagkakakitaan ito ng matataas na opisyal ng AFP, PNP at mga tiwaling burukrata. Ginagamit ng AFP-PNP ang pinalalabas na diumanong papalaking bilang ng mga sumuko para sa pagpapalaganap ng mga pekeng balita at disimpormasyon. Subalit pulos lamang mga pampakalma at pakitang-taong proyekto at ayuda ang inihahain nito sa mamamayan at hindi kailanman seryosong nireresolba ang tunay na ugat ng kahirapan at armadong tunggalian sa bansa. Sa huli, walang ibang niloloko ang AFP at PNP kundi ang kani-kanilang mga sarili.

**Ang iba't ibang iskema sa ilalim ng E-CLIP**

Isang *modus* ng kampanyang E-CLIP ang maramihang pagpapatawag at papulong sa tabing ng kung anu-anong mga aktibidad. Sa pagputok ng pandemyang COVID-19 noong 2020, ipinatawag ng representante ng NTF-ELCAC ang mga residente sa isang komunidad sa Rizal para sa pagbabalot ng mga relip subalit pagdating nila ay inimbestigahan sila at ipinailalim sa programang pagpapasuko.

Ginamit naman ng 80th IBPA ang pamamahagi ng ayuda sa ilalim ng Social Amelioration Program (SAP) sa Hilagang Quezon upang tipunin ang mga residente. Laking gulat na lamang ng mga lokal na sila ay kukuhanan ng litrato para palabasing suko matapos ipamahagi ang mga ayuda sa SAP.

Ayon kay Kardo, biktima ng maramihang pagpapasuko, ipinatawag sila sa kanilang barangay para sa pagkubra ng mga *relief* sa panahon ng pandemya at pagbaha. Subalit sa halip na dalhin sila sa *barangay hall*, dinala sila sa kampo ng militar. Mula sa kampo, isinakay pa sila patungong bayan sa mas malaking kampo. Nakita niyang maraming iba't ibang tao ang tinipon, mga katutubo, matatanda, babae at ang iba ay may dala pang mga bata. Tinakot sila ng sundalo at inutusang umaktong mga NPA na nagbalik-loob sa gubyerno. Pinulong sila, nilitratuhan at pinapirma sa papel. Matapos nito, wala silang natanggap na pera, ni pagkain o pamasahe pabalik.




Itinatago rin ng NTF-ELCAC ang programang pagpapasuko sa mga proyekto ng barangay. Kabilang sa mga biktima si Mang Aldo, isang magniniyog na kabilang sa mga lokal na pinatawag sa *barangay hall* para sumahod sa proyekto ng barangay. Gumastos siya ng pamasahe para makubra ang sahod subalit pagdating sa *barangay hall*, sundalo ang bumungad sa kanya at sa kanyang mga kasama.

"Inabutan kami ng sobre. Akala ko nga pera, yun pala litrato ng mga NPA na parang *wanted list* ng pulis. Wala kaming napala, pinauwi na lang kami — walang pera o kahit anumang *goods*. Lugi pa kami sa pamasahe," kwento ni Mang Aldo.

Pinagsasamantalahan din ng AFP ang kakulangan sa edukasyon ng mga pambansang minorya. Kwento ni Boyet, isang kabataang Dumagat, pinuntahan sila ng mga sundalo sa kanilang baryo at inalok ng pera kapalit ng ipapagawa sa kanila. Pinahawak sila ng sako na may sulat at kinuhanan ng litrato. Dahil hindi marunong bumasa at sumulat, hindi na nila naunawaan ang nakalagay sa sako at ngumiti na lamang nang piniktyuran. Matapos nito'y binayaran sila ng P2,000. Kinabukasan, nakita na lamang nila sa balita ang kanilang mga sarili bilang mga "sumukong NPA".

Si Gerald naman ay nagkakaingin lamang nang inaresto siya ng mga militar at dinala sa kampo kasama ang kanyang buong mag-anak. Ayon sa mga sundalo, itinuro na siya ng kanilang *asset* kaya "umamin" na siya. Walong buwan nilang ipiniit si Gerald. Ininteroga siya at binantaan ang buhay ng kanyang kapapanganak lamang na asawa para ipresyur

siyang pumayag sa kanilang gusto. Napilitan siyang sumuko bilang "*rebel returnee*" upang makabalik na sa kanyang lupa.

Target rin ng E-CLIP ang mga lider at kasapi ng mga ligal na organisasyon, lalo yaong mga tumututol sa mga proyekto ng reaksyunaryong gubyerno. Si Janggo ay *chieftain* ng kanilang tribo at aktibong lumalaban sa mapanirang proyektong dam sa kanilang lugar. Biktima na siya at ang asawa niyang si Mylene ng naunang programang CLIP noon pang 2015. Ayon sa mag-asawa, pinasuko ulit sila ng AFP at dinala sa kampo. Iprinisenta sila sa *media* sa pamamagitan ng isang *presscon* bilang mga *supporter* ng NPA.

Ayon kay Janggo, "Mayroon doon batang-bata pa, pinagsalita na NPA daw siya. Yung iba naman uugud-ugod na, sa unang tingin pa lang, alam mo nang hindi makakapagdala ng baril at mabibigat na dalahin sa bundok."

**Malaking pondo at kikbak ng AFP-PNP**

Malaking bahagi ng pondo ng rehimeng US-Duterte ay inilaan sa kanyang kontra-rebolusyonaryong gera. May inilaang P16.4 bilyon ang rehimen para sa *anti-insurgency* habang P9.5 bilyon naman para sa *confidential and intelligence funds*. Ang mga pondong ito ay hawak ng NTF-ELCAC at ni Duterte mismo.

Ayon sa reaksyunaryong gubyerno, aabot ng P65,000-P70,000 ang matatanggap ng bawat *rebel returnee* kaya malaking pondo ang inilalaan nila sa E-CLIP. Kabilang pa rito ang mga pangakong pondo para sa kabuhayan at pabahay. Sa kwentada, aabot sa P31 milyon ang nakulimbat ng AFP-PNP sa 445 biktima ng pagpapasuko sa Timog Katagalugan noong 2020.

Sa salaysay ng mga biktima, ang natatanggap lamang nila ay P2,000, ilang kilong bigas, ilang lata ng sardinas at *noodles* matapos pasukuin. Ang iba ay walang natanggap at gumastos pa sa pamasahe katulad ni Mang Aldo. Sa Quezon, inireklamo ng mga lokal ang panggagantso ng AFP sa kanila matapos silang pangakuan ng pera kapalit ng pekeng pagsuko.

Mamamayan ang saksi at biktima ng kahungkagan at kasinungalingan ng programang E-CLIP. Lantad na ang kabulukan ng AFP-PNP sa mamamayan at higit silang kinamumuhian sa samu't saring saywar at pasakit na dulot nila sa bayan.

*BALITANG TO*



# Opensibang postura ng BHB-TK ngayong Enero, bumigwas sa pasistang AFP-PNP

Ipinamalas ng Melito Glor Command (MGC) - BHB TK ang opensibang postura sa matagumpay na paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at aktibong pagdedepensa laban sa mga pwersa ng AFP-PNP ngayong Enero.

Nagtamo ang mga tropa ng AFP-PNP ng apat na patay, hindi mabilang na sugatan at malubhang kahihiyan sa walong labanang naganap sa unang buwan ng 2021. Lima sa mga labanang ito ay mga taktikal na opensibang naganap sa Mindoro, Rizal at Quezon.

Kabilang sa matutunog na TO ang isinagawang dagliang aksyon ng Lucio de Guzman Command (LdGC) - BHB Mindoro laban sa s70i Black Hawk *helicopter* ng SOLCOM noong Enero 9 sa Barangay Monte Claro, San Jose, Occidental Mindoro. Sinalubong ng mga putok ng Hukbong Bayan ang papalapag na helikopter na napilitang tumalilis papalayo. Itinaon ang TO sa araw ng presentasyon ng mga pekeng *surrenderee* na dinaluhan mismo ni NTF-ELCAC Spokesperson at SOLCOM Chief Antonio Parlade. Naunsyami ang nasabing programa dahil sa TO at napilitan ang mga opisyal ng AFP at kinatawan ng LGU na malayong maglakad pauwi imbes na sumakay ng *helicopter*.

Sa probinsya ng Rizal pumutok ang magkasunod na TO ng BHB TK sa pagbubukas ng taon. Dalawang beses na inambus ng Narciso Antazo Aramil Command - BHB Rizal ang isang platun ng pinagsamang tropa ng 80th IBPA at PNP-Rizal sa Sityo Dapis, Brgy. Puray, Rodriguez noong Enero 4. Isa ang patay at marami ang sugatan sa mga pasista. Nagsisilbing pwersang pangseguridad ang nasabing tropa sa konstruksyon ng proyektong Wawa-Violago Dam. Tugon din ang opensiba para parusahan ang mga pasista at bigyan ng hustisya ang karumal-dumal na masaker sa limang sibilyan sa Baras noong Disyembre 17, 2020.

Tagumpay rin ang ambus ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon sa tropa ng 85th IB na lulan ng dalawang *Hummer truck* sa Barangay dela Paz, Buenavista noong Enero 23. Pinahinto ng putok ng mga Pulang mandirigma ang isang trak na nagresulta sa isang patay at hindi mabilang na sugatang sundalo. Punitibong aksyon ito ng AMC sa tuluy-tuloy na panghahalihaw ng 201st Brigade sa Timog Quezon Bondoc Peninsula na dahilan para hindi makapaghanapbuhay ang masang magsasaka sa apektadong mga baryo.

Ipinamalas naman ang mataas na diwang mapanlaban ng BHB sa aktibong pagdepensa ng isang tim ng LdGC laban sa 4th IB noong Enero 26. Kagyat na naputukan ng tim ng BHB ang yunit ng 4th IB na nakaengkwentro nito sa Barangay Happy Valley, Roxas, Oriental Mindoro. Sugatan ang dalawang sundalo habang walang kaswalti sa panig ng BHB.

# Pahirap na *blended/distance learning* sa kanayunan

Matinding pasakit sa mga estudyante ang iskemang *blended/distance learning* ng rehimeng US-Duterte. Imbes na makapagpatuloy ng edukasyon sa panahon ng pandemya, pinagdusa nito ang mga kabataan dahil sa kawalang kahandaan at kakulangan ng mga kagamitan sa pag-aaral.

Itinuloy pa rin ng rehimen ang iskemang ito sa kabila ng 3 sa bawat 5 pamilya sa bansa ang walang akses sa *internet*. Taliwas ito sa ipinagyayabang ng mga kumpanyang telekomunikasyon na halos lahat na ng sulok ng bansa ay nakakatamasa ng 4G *internet speed*. Pinasusubalian ito ng mga magsasaka sa kanayunan ng Timog Katagalugan.

Ayon kay Tatay Dennis, bumili siya ng *cellphone* sa bayan subalit tila pambayan lang ang signal ng *cellphone*. Hirap na itong makasagap ng signal sa bukid. Obligado siyang palusungin ang kanyang anak para makapag-aral. Dagdag gastos pa ito sa konsumo dahil mas mahal ang bilihin sa bayan.

Ang mga liblib na bahagi ng kanayunan ay wala ring kuryente. Batay sa pag-aaral, 30 milyong pamilya ang walang akses sa kuryente.

"Nakiki*charge* lang kami sa kapitbahay," kwento ni Nanay Sally. "Pupunta pa ang anak ko sa kabilang bundok para maki*charge* sa kumare ko. Kapag walang kuryente, e di wala siyang pasok. Tulong muna siya sa amin sa kaingin."

Problema rin ng mga kabataan ang kakulangan sa *gadgets*, na rekisitos para sa bagong paraan ng pag-aaral. May magkakapatid na naghahati-hati sa isang *gadget* para makapag-aral. Inirereklamo rin ng mga magulang na hirap silang turuan ang mga anak sa *modular class* dahil sa kasalatan ng kaalaman.

"Hindi naman kami nakapagtapos ng pag-aaral, kaya sinisikap naming ang mga anak namin ay patapusin. Kaso kung kami rin ang magtuturo sa kanila, ay hirap talaga," daing ni Nanay Olive.

Ito ang kalagayang dinatnan ng mga yunit ng BHB sa ilang komunidad sa rehiyon. Kaya kasabay ng paglulunsad ng gawaing propaganda, produksyon at medikal, tumuwang din sila sa pag-aaral ng mga estudyante sa kanayunan.

Tinutulungan nila ang mga estudyante na sagutin ang kanilang mga *modules*. Tinuturuan din ng BHB ang mga estudyante at kanilang magulang kung paano gumamit ng *cellphone* at *internet*. Nagbigay rin ng payo ang BHB upang makatamasa ang masang magsasaka ng kuryente sa mga liblib na bahagi ng kanayunan kagaya ng pagmamaksimisa sa *renewable energy* gaya ng *solar energy*.

Samantala, ang ibang mga estudyanteng hindi makapag-enrol ay pumapasok sa klase na Literasiya at Numerasiya ng BHB. Dito sa kanayunan, *face-to-face* ang klase nang may pagsasaalang-alang sa pagtupad sa *health protocols* para maiwasan ang paglaganap ng COVID-19.

Higit na napalapit ang mga yunit ng BHB sa masa sa kanayunan. Bahagi na ng arawang gawain ng yunit ng BHB sa rehiyon ang paglaan ng panahon para sa pagtuturo sa mga kabataan. Naging daan din ito upang mabigyan nang mas maluwag na panahon ang kanilang mga magulang para sa pagtupad ng iba pang gawain sa rebolusyon.



Sa kabilang banda, higit na pinapatunayan ng ganitong sitwasyon sa kanayunan ang kapalpakan ng solusyon ng rehimeng US-Duterte sa hinaing ng mamamayan, lalo ng mga kabataan, na ipagkaloob ang edukasyon sa panahon ng pandemya. Nananatiling marami pa ring mga kabataan ang hindi nakapag-aral — umabot sa 7 milyong bata at kabataan ang hindi nakapag-enrol noong 2020. Mas marami ring kabataan sa kanayunan ang napilitang huminto dahil sa kakulangan ng mga kagamitang rekisitos sa *blended/distance learning*. Ang iba ay nagtrabaho na lamang upang makatulong sa pang-araw-araw na pangangailangan ng kanilang pamilya.

Malinaw ang kapabayaan at kainutilan ng rehimeng US-Duterte sa pagtugon sa mga hinaing ng mamamayang Pilipino sa gitna ng pandemyang COVID-19. Walang maayos na programa ang rehimen para ipagkaloob ang serbisyong pangkalusugan, bagkus mga pantapal na solusyon lamang upang apulahin ang nagngangalit na damdamin ng mamamayan.

Kabaligtaran ito sa ipinapatupad na programa ng rebolusyonaryong kilusan sa mga nasasaklaw nito. Bilang rebolusyonaryong gubyerno, ipinagkakaloob nito ang mga serbisyong panlipunan sa mamamayan habang isinusulong ang digmang bayan.

### *Isang taon matapos ang pagsabog ng Bulkan Taal*

# Pagbangon ng kabuhayan, panirikan, sapat na ayuda, hindi pa nakakamit ng mga biktima

Kawalan ng plano at tahasang pagpapabaya ang itinugon ng rehimeng US-Duterte sa hinaing ng mamamayang biktima ng sakunang pagsabog ng Bulkan Taal noong Enero 2020. Matapos ang isang taon, daang pamilya pa rin ang nakatira sa mga *evacuation center* at nakadapa ang kabuhayan bunsod ng pagkasira ng mga bangka, sakahan at dagok sa lokal na industriya ng turismo.

Sa Talisay, may 126 pamilyang nananatili sa Tumaway Senior High School noong Disyembre. Ginagamit ng 50 pamilyang bakwit ang hindi pa tapos na gusali sa eskwelahan. Mayroon namang 40 pamilya sa *evacuation center* sa Aya Elementary School.

Marami sa mga pamilyang bakwit ay dating nakatira sa mga komunidad sa tabing-lawa sa Talisay, Agoncillo at Pulo, ang tawag ng mga lokal sa mismong isla ng Bulkan Taal. Sa bayan ng Agoncillo, 1,500 bahay ang ganap na sinira ng sakuna habang higit 3,000 ang napinsala.

Pinangakuan ang mga biktima ng sakuna ng relokasyon at pabahay subalit batbat ng problema ang plano ng reaksyunaryong gubyerno hinggil dito. Ang itinurong relokasyon sa bayan ng Ibaan ay malayo sa kanilang pinanggalingan at pook-kabuhayan. Naglaho rin ang pangakong pabahay noong manalasa ang pandemyang COVID-19 sa bansa.

Dagdag pangamba sa katiyakan ng panirikan ang pagbabago sa pisikal na kalagayan ng mga lugar sa tabing-lawa at karatig-bayan bunsod ng pagsabog ng bulkan. Kinain ng lawa ang ilang bahagi ng pampang at nagkaroon ng mga biyak sa lupa sa bayan ng Agoncillo. Pinapasok ng tubig mula sa lawa ang mga baryo nito.



*Mga bakwit ng Taal noong Enero 2020. Litrato ni Charles Salazar mula sa Rappler.*

Lumala rin ang pagbaha sa Agoncillo sa pagtama ng bagyong Quinta, Rolly at Ulysses. Ayon sa pag-aaral ng munisipyo, hindi na masipsip ng lupa ang tubig gaya ng dati dahil natabunan ito ng makapal na abo at lahar. Tiyak na ang pagbaha basta't mayroong bagyo o malakas na pag-ulan, kwento ng mga residente.

**Pinalalang kalagayan dulot ng pandemya**

Malaking kawalan sa kabuhayan ang dinanas ng mga biktima ng sakuna. Nasira ang bangka ng mga mangingisda at nawasak ng lahar ang mga sakahan. Pati ang pinagkukunan ng dagdag na kita gaya ng pamumulot ng basura sa pampang ay hindi na posible dahil sa pagbabawal na lumapit sa lawa.

Dahil gipit, nagtitiyaga ang mga residente sa pagpapaupa sa konstruksyon, pagpuputol ng damo at pagtitinda. Maliit ang kinikita rito kumpara sa dating P500 - P2,000 na pwedeng kitain ng isang *tour guide* bago ang Enero 2020.

---

*Pahirap na blended/distance learning...mula sa pahina 6*

Sang-ayon sa programa ng Partido sa demokratikong rebolusyong bayan, nilulutas ng rebolusyonaryong kilusan ang problema ng mamamayan sa ekonomya, edukasyon, kultura, kalusugan at iba pa. Sa abot ng makakaya, ipinagkakaloob ng gubyernong bayan ang mga serbisyong ito nang libre sa higit na nangangailangan. Pinauunlad at nililinang ng kilusan ang sama-samang pagtutulungan at pagdadamayan para maibsan ang paghihirap at maisulong ang panlahatang kagalingan ng batayang masa. Ang paglutas sa mga problema ng mamamayan ang dahilan kung bakit taos-pusong sinusuportahan ng sambayanan ang rebolusyon at lumalahok sa armadong pakikibaka. K



# Mga Yulo at Ayala, pasimuno ng pandarahas sa mga magsasaka ng Hacienda Yulo

Kalupitan at karahasan ang pinakawalan ng mangangamkam ng lupa na pamilyang Yulo at Ayala sa sunud-sunod na insidente ng pagsupil sa karapatan ng mga nakikibakang magsasaka ng Hacienda Yulo nitong Enero. Ginamit nila ang maton na Seraph Security Agency upang gipitin at marahas na palayasin ang mga residente ng Sitio Buntog, Barangay Canlubang, Calamba, Laguna na tutol sa kumbersyon ng kanilang lupang panirikan at sakahan.



*Isa sa mga sinunog na bahay. Litrato mula sa Defend Yulo Farmers.*

Noong Enero 6, sinugod at binantaan ng *goons* ng Seraph Security Agency ang mga magsasaka sa Sitio Buntog. Hinalughog nila at sinira ang dalawang bahay na pagmamay-ari at tinitirhan ng pamilya nina Mario Mangubat at Freddie Cacao. Pinadapa ng *goons* si Mangubat at kanyang kapatid saka tinutukan ng baril habang ginigiba ang dingding ng kanilang bahay.

Tinawag ng mga magsasaka na "makahayop" ang pagwasak sa kanilang ari-arian. Ayon kay Mangubat, na-*trauma* ang kanyang 9-taong gulang na anak dahil sa insidente. Nasa loob ng bahay ang mga paslit na anak nina Mangubat at Cacao nang dumating ang *goons* ng ahensya bandang alas-tres ng hapon para isagawa ang pagpapalayas.

Nasundan ang karahasang ito ng panununog at sapilitang pagsasara ng mga bahay, pambubugbog, at panghaharas sa mga magsasaka. Mula Enero 17, walong bahay na sa Sitio Buntog ang sinarhan ng mga bayarang gwardya. Patuloy ring pinag-iinitan sina Mangubat at Cacao kaya't sinunog ang kanilang mga bahay noong Enero 23. Pinakahuling inulat ang pambubugbog sa anim na magsasaka na damay ang isang *menor de edad* nitong Enero 26.

Dagdag pa, pinigilan at hinarang ng mga tauhan ng ahensya ang ayuda para sa mga magsasaka mula sa mga pribadong organisasyon at panggitnang pwersa.

Matagal nang inaagaw ng San Cristobal Realty ng mga Yulo at Ayala Land ang lupa ng mga magsasaka sa Sitio Buntog. Nagsimula ang bantang pagpapalayas noon pang 2010 para isakatuparan ang pagpapalit-gamit ng lupa ng asyenda mula agrikultural tungong residensyal. Mahigpit itong tinututulan ng mga residente na salinlahi ng mga unang pamilyang nagbungkal at tumira doon sapul pa 1911.

Tumindi muli ang panggigipit at karahasan ng mga Yulo at Ayala sa mga taga-Sityo Buntog simula noong 2020 habang kinakaharap ng buong bayan ang pandemyang COVID-19. Tampok dito ang tangkang pagpapalayas ng mga gwardya ng Seraph Security noong Agosto 2020 na binigo ng sama-samang pagkilos ng mga residente.

Wala ni anumang reaksyon o tulong ang lokal na gubyerno at ang mga pulis sa nagaganap sa karahasan sa Hacienda Yulo. Nauna nang nanawagan ang mga magsasaka kina Mayor Chipeco ng Calamba, Gubernador Hernandez ng Laguna at maging sa Commission on Human Rights na mamagitan upang matigil ang pandarahas sa kanila. K

*Isang taon matapos ang pagsabog ng Bulkan Taal...mula sa pahina 7*

Lalong sumidhi ang kalagayan ng kanilang kabuhayan sa pagputok ng krisis sa COVID-19. Hindi na makalabas ang mga bakwit para magpaupa o magtinda. Hindi rin sapat ang ayuda ng gubyerno. Gutom ang kanilang hinarap habang nakikihamok sa mahirap na kalagayan sa mga *evacuation center*.

Nasagkaan ng militaristang *lockdown* ng rehimeng Duterte ang pag-aabot ng tulong at pagkain sa mga bayang nauna nang sinalanta ng pagsabog ng bulkan. Sa unang mga buwan ng COVID-19, pinagkasya ng mga bakwit ang natirang pagkain at ayuda mula sa dating ibinigay ng mga NGO at iba pang grupo. Ngunit sa pagtagal ng pandemya, nahirapan na sila sa pagkain lalupa't hindi pinapayagan ang pagbibiyahe at pagtatrabaho.

Ikinakatakot din ng mga bakwit na magkahawahan ng *virus* dahil sa gipit na kalagayan sa mga *evacuation center*. Walang programa para sa *mass testing* at iba pang serbisyong pangkalusugan para matiyak ang kanilang kaligtasan mula sa sakit. Isa ang Batangas sa may pinakamaraming bilang ng kaso ng impeksyon sa COVID-19 sa rehiyong TK. K

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Bakit hindi maaaring ituring na terorista ang CPP-NPA?

**Tunay na isang kilusang rebolusyonaryo ang CPP-NPA na naghahangad ng radikal na panlipunang pagbabago sa malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas.**

Nais menosin ng mga reaksyunaryo ang katayuan ng CPP-NPA bilang mga rebolusyonaryong organisasyon na nagsusulong ng panlipunang pagbabago sa bansa at naghahapag ng rebolusyonaryong alternatibo sa papet na malakolonyal at malapyudal na rehimen sa Pilipinas. Pakana ng mga lokal na nagsasamantala't naghaharing uri, kasabwat ang kanilang among imperyalista, na paratangan at ituring na mga "terorista" ang CPP-NPA upang pagkaitan ito ng pagkilala bilang isang lehitimong pwersang nakikidigma na may kumprehensibong pulitikal, ekonomiko at panlipunang programa para sa itatatag na bagong panlipunang kaayusan. Nasa likod nito na pangalagaan at ipagtanggol ang interes ng magkasamang makauring paghahari ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing malalaking kumprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista.

Subalit sa likod ng mga retoriko ng paninira at teroristang bansag ng rehimen at mga sagad-saring anti-komunista sa NTF-ELCAC at AFP-PNP, hindi sinasadyang pinatotohanan at kinikilala nito ang CPP-NPA bilang isang lehitimong pwersang *belligerent* o nakikidigma laban sa mapaniil na naghaharing rehimen sa Pilipinas. Sa tuwing sinisiraan nito ang CPP-NPA bilang terorista at sinusukat ang diumanong "teroristang" aktibidad nito bilang paglabag sa International Humanitarian Law (IHL) ng United Nations Geneva Conventions at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), higit lalong lumilinaw ang rebolusyonaryong katangian nito. Kung bakit ay dahil wala ni isa mang teroristang organisasyon ang kumikilala sa mga pamantayan ng UN Geneva Conventions sa makataong batas na sumasaklaw sa digmaan at gera sibil.

Sa pagkilala at pag-alinsunod ng CPP-NPA-NDFP sa 1977 Protocol I at II ng 1949 Geneva Convention at sa iba pang internasyunal na tuntunin na nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at di kalahok sa digmaan gayundin sa makataong pagtrato sa mga kombatant na nasugatan at nabihag sa labanan, antemanong pinabubulaanan na kaagad ang "teroristang" bansag ng reaksyunaryong rehimeng Duterte at mga anti-komunistang kapural na nasa mersenaryong NTF-ELCAC at AFP-PNP.

> ***"Simula't sapul, itinatakwil at kinukondena ng CPP-NPA ang anumang uri ng karahasan at terorismo laban sa mga inosenteng sibilyan at mga nyutral na organisasyon."***

Desperado na ang pasistang rehimeng US-Duterte sa paghahagilap ng mga paninirang ipupukol sa rebolusyonaryong kilusan upang sirain ang magandang reputasyon at prestihiyo na tinatamasa ng CPP-NPA at iba pang rebolusyonaryong pwersa sa bansa mula sa malawak na masa ng sambayanang Pilipino. Nais ilarawan ni Duterte sa publiko ang CPP-NPA bilang "mga terorista" sa imbing layuning linlangin ang mamamayan at kabigin ang kanilang suporta sa panig ng kontra-rebolusyonaryong digma na Joint Campaign Plan - Kapatanagan (JCP-Kapanatagan) batay sa bangkaroteng estratehiya na *whole-of-nation approach to end local communist armed conflict* na ipinatutupad ng kanyang pasistang rehimen.

Hibang at nag-iilusyon ang pasistang rehimeng Duterte na kaya nitong gibain o makalikha man lamang ng lamat sa umiiral na bakal na relasyon sa pagitan ng CPP-NPA at malawak na masa ng sambayanan na nabuo at napatatag sa mahigit na limang dekadang buhay at kamatayang pakikibaka sa pagsusulong ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan (DRB) laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Tulad ng nangyari sa mga nakaraang rehimen, tiyak na hahantong din sa kabiguan ang layunin ni Duterte na mawasak ang CPP-NPA-NDFP sa nakatakdang pagtatapos ng kanyang termino sa Hunyo 30, 2022.

**Rebolusyonaryo ang CPP-NPA at hindi maaaring ituring na mga "terorista".**

Simula't sapul, itinatakwil at kinukondena ng CPP-NPA ang anumang uri ng karahasan at terorismo laban sa mga inosenteng sibilyan, sa mga nyutral na organisasyon tulad ng Red Cross at Red Crescent, mga grupo, organisasyon at institusyon na walang kaugnayan at hindi kalahok sa nagaganap na armadong tungalian sa bansa. Sa maraming pagkakataon, ipinapahayag din ng CPP ang mariin nitong pagkundena

sa anumang uri ng mga karahasan at terorismo na pinatutupad ng mga imperyalistang kapangyarihan laban sa mga api't pinagsasamantalahang mamamayan sa daigdig sa pamamagitan ng mga papet na naghaharing rehimen.

**Tunay na mga rebolusyonaryo ang CPP-NPA at walang bahid ng katotohanan para ituring silang mga"terorista".**

Nang itatag ang CPP at buuin nito ang NPA sa ilalim ng kanyang absolutong pamumuno, konsistente at istrikto nitong itinaguyod ang mga alintunin sa digma, bilang lehitimong pwersang nakikidigma o *belligerent force*, ng Geneva Conventions of 1949 at ang kasunod nitong Protocols 1 at 2 ng 1977. Ang Saligang Alituntunin ng NPA at ang pamosong 3 Pangunahing Tuntunin sa Disiplina at 8 Puntong Bagay na Dapat Tandaan o Tres-Otso ay mga alintuntunin para pangalagaan at ipagtanggol ang interes ng mamamayan. Binalangkas ng CPP ang mga tuntuning ito para gabayan ang NPA sa istriktong pagtupad nito sa internasyunal na batas ng digma at sa pangkalahatang tungkulin na wasakin ang armadong aparato ng reaksyunaryong estado para kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya alinsunod sa mga umiiral na internasyunal na batas sa digma at internasyunal na makataong batas.

Sa anumang panahon, mahigpit na isinasaalang-alang ng NPA ang buhay at kaligtasan ng mga sibilyan, kabilang ang kanilang mga ari-arian, sa mga inilulunsad nitong mga taktikal na opensiba at maging sa panahon na nahaharap ito sa mga depensibang labanan. Ang pangangalaga at kaligtasan ng buhay ng mga sibilyan ang laging nasa prayoridad na tinitiyak ng mga yunit ng NPA habang magiting itong nagtatanggol ng sarili mula sa mga pag-atake at opensibang militar ng AFP at PNP. Sa kabilang banda, kung nakagawa man ang NPA ng di inaasahang mga pagkakamali (na maituturing na aksidente o hindi sinasadya) sa panahon ng mga isinasagawa nitong taktikal na opensiba kung saan may mga nadadamay na sibilyan at ari-arian, agaran itong humihingi ng dispensa, nagpupuna sa sarili at nangangakong iimbestigahan at papanagutin ang yunit o mga indibidwal na nakagawa ng kahinaan at kalabisan. May katumbas na halaga na itinatakda ang CPP-NPA bilang kabayaran sa naging pinsala (danyos perwisyo) resulta ng mga di inaasahang pagkakamali o aksidente na nagawa ng yunit. Hindi katulad sa AFP at PNP, kailanman ay hindi tinakasan ng NPA ang kanilang obligasyon sa ilang sibilyan na nagtamo ng pinsala bunga ng aksidente at di sinasadyang pagkakamali ng isang partikular na yunit ng NPA. Humahanap at gumagawa ng lahat na paraan ang NPA para maiparating ang kaukulang bayad-pinsala nito sa mga sibilyang nadamay.

**Hindi maaaring ituring na "terorista" ang CPP-NPA dahil tinataglay nito ang katayuan bilang rebolusyonaryong organisasyon na nagsusulong ng makatarungang digma laban sa pagsasamantala, pang-aapi at tiranya sa bansa.**

Ang malawak at malalim na suporta na tinatamasa ng CPP-NPA mula sa mamamayang Pilipino sa loob ng mahigit sa limang dekada ang pangunahing batayan at patunay sa pagiging rebolusyonaryo nito sa kaibuturan. Itinataguyod at ipinaglalaban ng CPP-NPA ang pambansa demokratikong mithiin at interes ng sambayanang Pilipino, lalo na ng uring anakpawis. Ang mga adhikain para sa pambansang demokrasya ay nilalaman ng Programa para sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan ng CPP at ipinapatupad sa mga larangang gerilya sa bansa. Kinikilala ng maraming bansa ang CPP-NPA bilang rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas na nagsusulong ng digmang mapagpalaya laban sa imperyalismo at lokal na reaksyon. Maraming mga kilusang anti-imperyalismo sa iba't ibang panig ng daigdig at mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya, na binubuo ng mga api't pinagsasamantalahang mamamayan sa daigdig, ang kumikilala at sumusuporta sa pagiging makatarungan ng rebolusyong Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Inaani ng CPP ang mataas na respeto at prestihiyo mula sa mga api at pinagsasamantalahang mamamayan ng daigdig sa natatamo nitong mga tagumpay sa pamumuno sa rebolusyong Pilipino.




Rebolusyonaryo at hindi maaaring ituring na terorista ang CPP-NPA dahil sa mahigpit nitong itinataguyod ang mga umiiral na IHL at iba pang internasyunal na makataong batas sa digma ng UN. Sa pamamagitan ng National NDFP, bilang pampulitikang otoridad na kumakatawan sa sambayanang Pilipino at organisadong pampulitikang pwersa na nagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya ay nagdeklara noong July 1996 ng Undertaking to Apply the Geneva Conventions of 1949 and the 1977 Protocol I.

Ang paglagda ng dating pangulong Fidel V. Ramos sa makasaysayang The Hague Joint Declaration noong September 1992, na resulta ng usapang pangkapayapaan sa pagitan

ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) at NDFP ay pormal na pagkilala ng GRP sa NDFP (kung saan kabilang ang CPP-NPA at iba pang rebolusyonaryong organisasyon sa bansa) bilang mga pwersang nakikidigma (*belligerent force*) at rebolusyonaryo. Sinundan pa ito ng pagpirma ni dating pangulong Joseph Estrada sa CARHRIHL noong 1998, ang una sa apat na substantibong adyenda sa usapang pangkapayapaan na laman ng The Hague Joint Declaration.

Kung tutuusin, ang AFP-PNP at amo nilang pasistang rehimeng US-Duterte ang maituturing na terorista na dapat papanagutin ng taumbayan dahil sa nagawa nilang malawakan, sistematiko at karumal-dumal na mga krimen sa sangkatauhan (*crime against humanity*) tulad na lang sa mahigit sa 30,000 mga pinaghihinalaang adik at tulak na pinaslang sa ilalim ng madugong kampanya kontra iligal na droga. Ang mahigit sa 350 na biktima ng *extrajudicial killings* (EJKs) na isinagawa ng AFP, PNP at *death squads* ni Duterte sa hanay ng mga progresibong organisasyon, aktibista, mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, dyornalista, *human rights lawyers* at iba pang kritiko ng gubyerno ay patunay na walang kinikilala at sinusunod na proseso ng batas ang rehimeng Duterte. Hindi na rin mabilang ang mga paglabag ng rehimeng Duterte sa karapatang pantao ng mamamayang Pilipino, sa IHL at CARHRIHL dahil sa maraming kaso ng pagpaslang nito sa walang kalaban-labang mga sibilyan kabilang ang mga *hors de combat* sa hanay ng rebolusyonaryong kilusan. Mga terorista lamang na halang ang mga bituka, walang konsensya at walang pakundangan kung pumatay ang makagagawa nito.

Si Duterte ang numero unong terorista sa bansa dahil iniengganyo nito ang AFP at PNP bilang kanilang *commander-in-chief* na pumatay ng mga inosenteng sibilyan. Tahasang inaatasan niya ang AFP at PNP na ipatupad ang maruming kontra-rebolusyonaryong gera laban sa CPP-NPA-NDFP at mamamayan na may impyunidad, hindi kumikilala at sumusunod sa mga proseso at alituntunin ng mga batas sa Pilipinas at internasyunal na mga kasunduan sa digmaan at armadong tunggalian. K

LATHALAIN


# RCSPO sa mga komunidad ng maralita sa Rizal

Isa ang Rizal sa mga lalawigan sa Timog Katagalugan kung saan nakakonsentra ang malaking bilang ng proyektong pabahay o *low-cost housing* ng reaksyunaryong gobyerno. Tahanan ito ng malaking populasyon ng mga maralitang lungsod na nagmula kalakhan sa Metro Manila. Dinaranas nila ang matinding kahirapan bunga ng kawalan ng libreng serbisyong panlipunan at disenteng hanapbuhay. Masahol pa, hindi libre ang mga bahay na kadalasa'y yari lamang sa *substandard*, marurupok na mga materyales at kulang pa sa pagkakayari dahil sa patung-patong na korapsyon. Bunga nito, namumulat ang mga maralitang lungsod at kumikilos para igiit at ipaglaban ang kanilang kagalingan at karapatan sa disenteng buhay.

Nang pumutok ang okupasyon ng mga maralitang lungsod sa mga nabubulok at pinabayaang pabahay ng reaksyunaryong gobyerno noong 2016, ipinamalas nila ang gahiganteng lakas para angkinin ang dapat ay matagal nang ipinagkaloob sa kanila — ang magkaroon ng sariling tahanan. Subalit walang ibang tugon ang rehimeng US-Duterte kundi ang pagbabanta at karahasan.

Simula 2019, naging target ang mga komunidad na ito ng *retooled community support program operations* (RCSPO) ng 2nd ID at PNP Rizal na layong supilin ang lumalakas na paglaban ng mamamayan sa mga sentrong bayan at kalunsuran.

Sa balangkas ng RCSPO, ipinatupad ang malawakang *profiling* sa mga komunidad kahit pa may *census* na ang mga barangay at munisipyo. Kinampuhan ang isang komunidad at tinanggal ang *gate* nito upang malaya silang maglabas-pasok. Sa tabing ng kampanya laban sa iligal na droga, hinalughog ng mga berdugo ang isang komunidad sa Antipolo City noong Agosto 11, 2019. Tinipon nila ang mga kalalakihan, pinadapa, tinutukan ng baril at pilit silang pinapailalim sa *drug test*. Kinumpiska ang *cellphone* ng mga residente habang inilulunsad ang operasyon upang hindi sila makapagsumbong. Sapilitan din nilang kinuha ang mga numero ng mga lider at residente at sinaktan ang mga nagkwestyon sa pagiging lehitimo ng operasyon. Sa isang pagkilos




> ***"Patuloy na inilalantad at nilalabanan ng mga Rizaleño ang pandarahas ng militar kasabay ng paggigiit ng kanilang karapatan para sa serbisyong panlipunan at paglaban sa tumitinding militarisasyon."***

noong 2018, tinangkang patayin ng mga ahente ng 2nd ID ang mga lider.

Gumagamit ng samu't saring pakana ang 2nd ID at PNP Rizal upang makapasok sa mga komunidad tulad ng paulit-ulit na pagsasanay sa *disaster response*, mga operasyong linis, *fire drill* at iba pang kahalintulad na aktibidad para manmanan ang mga residente. Ginagamit ng mga militar ang mga LGU at iba pang ahensya tulad ng DILG, Bureau of Fire Protection at DSWD para sa kanilang kontra-rebolusyonaryong gera laban sa bayan.

Nagpapakalat din ang mga mersenaryong sundalo ng mga itim na propaganda at pekeng balita tungkol sa mga lider-aktibista para sirain ang kanilang liderato. Nire-*red-tag* ang mga organisasyong masa at pinararatangan ang mga lider na kasapi at tagasuporta ng CPP-NPA-NDFP. Inilagay sila sa *order of battle* ng AFP-PNP. Samantala, hinahati ng militar ang pagkakaisa ng mamamayan sa pamamagitan ng panunuhol ng pera sa mga kilalang lider at kasapi ng mga organisasyong masa. Talamak ang pagpakalat ng NTF-ELCAC ng *text messages* na nag-aalok ng pabuya sa sinumang makakapagturo ng mga taong may kaugnayan sa NPA.




*Isa sa mga text messages na kinakalat ng mga yunit ng RCSPO sa mga komunidad ng maralita.*

Tuluy-tuloy ang panggigipit sa mga komunidad kung saan tinitipon ng mga militar ang mga residente para umano pag-usapan ang mga isyu at suliranin sa komunidad pero ang totoo'y magpapapanood lamang sila ng mga bidyo ng mga pekeng sumurender sa AFP at mang-iimbestiga kung sinu-sino ang mga kasapi ng mga ligal na organisasyong masa sa baryo. Nagpapalaro pa ang mga sundalo katulad ng pagpapasagot sa tanong na "Kailan ang anibersaryo ng CPP?" na naglalayong iugnay ang mga residente sa rebolusyonaryong kilusan. Aktibo ring nagrerekrut ng CAFGU at *asset* ang AFP sa mga komunidad.

Walang-tigil ang mga RCSPO kahit sa gitna ng pandemyang COVID-19. Noong Marso 2020, ipinatawag ang mga residente ng isang komunidad para sa pagbabalot ng mga relip subalit inilunsad lamang ng pasistang 80th IBPA ang *profiling* sa mga kasapi ng ligal na samahan. Nagpadala rin ang mga sundalo ng imbitasyon para sa isang *local peace engagement* noong Mayo 20, 2020 na ang layunin ay pasukuin at iprisenta bilang mga "*NPA surrenderee*" ang mga dumalo. Pagpasok ng Hulyo, nagpakat ng mga *checkpoint* ang PNP sa iba't ibang bahagi ng Montalban, Rizal habang dumalas ang pagpapalipad ng mga helikopter sa lugar. Hinarang ng PNP-Rizal ang mga delegado na magpoprotesta sa Metro Manila para sa Buwan ng mga Magbubukid noong Oktubre 2020, kaarawan ni Bonifacio noong Nobyembre 2020 at Pandaigdigang Araw ng Karapatang Pantao noong Disyembre 2020.

Patuloy na inilalantad at nilalabanan ng mga Rizaleño ang pandarahas ng militar sa pamamagitan ng kanilang sama-samang pagkilos, pagdulog at pakikipag-diyalogo sa mga lokal na gobyerno kasabay ng paggigiit ng kanilang karapatan para sa serbisyong panlipunan at paglaban sa tumitinding militarisasyon sa mga komunidad sa kalunsuran at kanayunan. Tagumpay ang paglahok ng humigit-kumulang 1,000 mamamayan sa kilos-protesta noong Setyembre 21, 2018. Kahit sa panahon ng pandemya, nakakapaglunsad ang mamamayan sa tulong ng mga ligal na samahan ng iba't ibang serbisyo para sa komunidad tulad ng *community kitchen*, padasal, pamamahagi ng relip, talakayan hinggil sa COVID-19 at kolektibong pagharap dito. May mga isinasagawa rin silang mga pagkilos laban sa militaristang *lockdown* ng rehimen.

Malaking hamon sa mamamayan ng Rizal ang patuloy na paglaban sa pasistang lagim ng rehimeng US-Duterte habang isinusulong ang kanilang mga demokratikong kahilingan para sa panirikan, kabuhayan at serbisyong panlipunan. Dapat nilang patuloy na palakasin ang kanilang hanay upang labanan ang terorismo ng estado at ibagsak ang korap, kriminal at pasistang rehimeng US-Duterte. K


# Pagkilatis sa lunas: Mga dapat malaman sa bakuna sa COVID-19

Mainit na usapin sa bansa at buong mundo ang bakuna sa COVID-19. Nagkalat sa masmidya at *internet* ang samu't saring datos hinggil dito. Kanya-kanya ring paham at eksperto ang inihaharap ng mga gubyerno, WHO at mga pribadong grupo. Sa dami ng impormasyong nasasagap ng mamamayan, kailangan ang matamang pag-aaral at pagsusuri upang hindi matangay ng mga haka-haka at *fake news*.

**Batayang kaalaman sa bakuna**

Ang bakuna ay materyal na naglalaman ng *antigen*, isang pinatay o pinahinang bahagi ng *pathogen* (*bacteria* o *virus*) na nagdudulot ng sakit. Ipinapasok ito sa katawan ng tao upang ihanda ang kanyang *immune system* o natural na depensa ng katawan na labanan ang isang partikular na sakit. Mula rito makakapagpaunlad ang katawan ng mas matibay at pangmatagalang resistensya sa sakit na dala-dala ng *pathogen*.

Matagal na panahon ang inilalaan sa pagtuklas at pagpapaunlad ng mga bakuna bago ito ipagamit sa malawak na populasyon. Ang bakuna sa beke, na isa sa pinakamabilis na naprosesong bakuna, ay inabot ng apat na taon. Pinakamababa ang tatlong taon sa paggawa ng bakuna dahil dadaan ito sa siyentipikong eksperimento, klinikal na pagsubok at pag-aapruba ng gubyerno bago imanupaktura. Kasama na rito ang paglutas sa posibleng epekto sa katawan.




Kung ikukumpara sa ibang bakuna, napakabilis ng paggawa ng bakuna para sa COVID-19. Kritika ng ilang eksperto, maliit ang bilang ng sinasaklaw ng mga isinagawang klinikal na pagsubok kaya't hindi buum-buo ang katiyakan ng pagiging ligtas ng mga ito. Sa katunayan klasipikadong pangkagipitang-gamit o "*emergency use*" ang mga bakunang ginagamit ngayon sa iba't ibang bansa. Inilinaw ng mga siyentista na ang nagagawa lamang ng kasalukuyang mga bakuna sa COVID-19 ay pigilan ang paglitaw ng malalalang sintomas, hindi ang ganap na pagpuksa sa posibilidad na malalinan ng *virus*.

**Negosyo bago tao**

Malaking bentahe para sa sangkatauhan ang pagkakaroon ng bakuna na nakatulong sa pagsansala sa mga sakit tulad ng *polio*, *smallpox* at *rabies*. Ngunit dahil sa monopolyado ng mga kumpanyang *pharmaceutical* ng imperyalismo ang mga pagsulong sa siyensya at medisina, dominado ng iilang korporasyon at kapitalistang bayan ang teknolohiya at manupaktura ng bakuna.

Kontrolado ng limang kumpanyang multinasyunal—GlaxoSmithKline, Merck & Co, Sanofi, Pfizer, Novavax—ang 80% ng merkado ng bakuna sa buong mundo. Sila ang tinatawag na Big Pharma na nagtatakda sa pananaliksik, manupaktura at distribusyon ng bakuna. Ang mas maliliit na kumpanyang *pharmaceutical* ay nagsisilbing *sub-contractor* sa pagmamanupaktura at pagbebenta ng mga produkto ng Big Pharma.

Malaking oportunidad para sa Big Pharma ang pagsulpot ng COVID-19. Nag-order na ang US ng 100 milyong dosis ng bakuna, habang 300 milyong dosis ang hinihingi ng EU noong 2020. Malaki ang *demand* para sa bakuna pero hindi sapat ang bilang ng kayang imanupaktura sa ngayon—isang paborableng sitwasyon upang itaas ang presyo ng panglunas sa pandemya.

Sa laki ng maaaring kitain, maigting ang paligsahan sa paggawa ng bakuna sa COVID-19. Malaking kakumpitensya ng Big Pharma ang China at Russia na maaga pa'y nagdeklara ng kanilang kakayanan na gumawa ng sariling bakuna at magmanupaktura ng maraming bilang nito.

Sa Asya, marami nang mga bansa kabilang ang Indonesia at Turkey ang gumamit ng bakuna mula sa China. Bentahe ng Sinopharm at Sinovac ang mabilis na paglalabas at pagdedeliber ng mga bakuna kumpara sa ibang kumpanya. Mas matibay rin ang bakuna ng Sinovac sa init—pupwede itong ilagak sa storage na 2-8 °C habang ang sa Pfizer (US) ay nangangailangan ng hanggang -70 °C upang hindi masira.


Ang agawan sa merkado ang pangunahing dahilan ng paglipana ng nagsasalungatang impormasyon hinggil sa epektibidad ng mga

bakuna sa COVID-19. Kapuna-puna ang pagbatikos ng Kanluraning midya sa bakunang galing Russia at China kaugnay ng mababa umanong *efficacy rate* o bisa ng mga ito.

Paliwanag ng mga eksperto, hindi pare-pareho ang kalagayan ng mga klinikal na pagsubok kaya hindi angkop na ikumpara ang resulta ng mga ito. Halimbawa, may mga kumpanyang nagsasagawa ng pagsubok sa mga *medical frontliners* na mas bulnerableng mahawa samantalang ang iba'y gagamit ng karaniwang mamamayan.

Bukod sa panloob na katangian ng bakuna, napakahalagang salik ng bilis at lawak ng pagbabakuna para tunay itong maging epektibo sa pagpigil sa COVID-19. Kailangan pa rin ang mga batayang hakbanging medikal tulad ng kwarantina at paggamit ng *face mask* at *shield*.

**Bakuna para sa lahat**



Hindi dapat tingnan na parang anting-anting o mahimalang lunas sa kasalukuyang krisis pangkalusugan ang bakuna gaya ng ipinalalabas ni Duterte. Tulad ng iba pang pag-abante sa mundo ng medisina at teknolohiya, ang bakuna ay produkto ng siyentipikong pag-alam na hindi nahihiwalay sa pangangailangan at adyenda ng imperyalismo.

Biktima ng mapagsamantalang kaayusang ito ang mahihirap na bayan tulad ng Pilipinas na walang kapasidad lumikha ng sariling bakuna. Kakaunti ang kanilang opsyon at maaari pang maubusan ng bakuna laluna't nauna nang magpareserba ng bakuna ang mayayamang bayan. Obligadong bilhin ang bakuna sa itatakdang presyo ng mga kumpanya at pasanin ang dayuhang pautang na kaakibat nito. Pati ang lohistika sa pag-iimbak at pagbibiyahe ng mga bakuna ay saklaw ng mga utang na ipapataw ng mga imperyalista.

Nasadlak ang Pilipinas sa ganitong sitwasyon dahil sa mahabang panahon na pagpapabaya ng mga tutang rehimen na paunlarin ang base ng ekonomya, syensya at pananaliksik para sa kapakinabangan ng pampublikong sistemang pangkalusugan. Taliwas dito ang halimbawa ng mga bansang Cuba at Indonesia na may sariling pagsisikap na magpaunlad ng syensya at pananaliksik para sa sektor ng kalusugan. Ang Cuba ay kasalukuyang nagpapaunlad ng apat na bakuna na sariling tuklas ng mga siyentista nito. Ang Indonesia naman ay may kakayanang magparami ng bakuna kaya hindi nakaasa sa suplay galing sa labas.

Dapat na mabatid ng mamamayan ang mga kontradiksyong kaakibat ng usapin sa bakuna upang magabayan ang kanilang pakikibaka para sa ligtas at libreng bakuna para sa lahat. Mahalaga rin sa yugtong ito na imulat ang mamamayan tungkol sa kahalagahan ng pagbabakuna. Ito ang nararapat dahil buhay, kalusugan at kinabukasan ng bayan ang nakataya sa usapin ng bakuna. K

## Talasalitaan

**Efficacy rate**
Sukat ng kaukulang bawas sa dami ng mga kaso ng impeksyon sa mga nabakunahang tao. Kinukwenta ito sa isang pag-aaral na may ideyal na kundisyon tulad ng *clinical trial*. Sinusukat ito sa pamamagitan ng pagkwenta ng risgong mahawahan ng mga may bakuna relatibo sa mga walang bakuna.

**Herd immunity**
Tumutukoy sa hindi direktang proteksyon mula sa isang sakit na nangyayari kapag ang isang populasyon ay naging *immune* na sa pamamagitan ng pagbabakuna o natural na paglitaw ng resistensya matapos magkasakit. Sa pagbabakuna, ipinapalagay na nakamit na kung maabot ang isang antas ng dami ng nabakunahan sa isang populasyon. Wala pang malinaw na sukat para sa *herd immunity* sa panahon ng COVID-19.

**Emergency use authorization**
Isang mekanismo para pahintulutan ang akses ng publiko sa mga gamot, bakuna o iba pang medikal na hakbangin na hindi pa aprubado at wala pang lisensya sa panahon ng emerhensya sa pampublikong kalusugan. Ipinapahintulot ito kung matutugunan ang mga partikular na kundisyon ng otoridad.

**Clinical trial**
Tipo ng pag-aaral kung saan sinusubok ang mga bagong gamot o bakuna at kanilang epekto sa mga tao. Boluntaryo ang pagsali ng isang tao sa *clinical trial.*

Sanggunian: US Food and Drug Administration, World Health Organization, Center for Disease Control and Prevention



# SUSUKO O LALABAN?

**Lakandiwa:**
Isang taas kamaong pagbati ang aking alay.
Sa mga kasama at masa na ngayo'y nagpupugay.
Marapatin nga'y atin nang bubuksan.
Ang isang napapanahong talakayan,
Tinatatawag ding, balagtasan.

Ngayon ating ilahad ang suliranin.
ng mamamayan at lipunan natin.
Pagpapasuko ng kaaway paano haharapin?
Ano ang ating tindig, tamang hakbangin?

Aking ipinakikilala ang mga delegado.
Ngayo'y tinatawagan sa entablado.
Sa panig ng kanan ay ang Naguguluhang Masa
Nag-iisip na sumuko nang buhay ay mapreserba.
Sa aking kaliwa nama'y ang Naliliwanagang Masa
Naniniwalang sa pagsuko lalong napapahamak sila.

Ating tunghayan ang kanilang tagisan.
Ngayo'y binubuksan na ang ating balagtasan.

**Naguguluhang masa:**
Sa aking pagtingin ay walang masama.
Pagpapalinis lang ng pangalan ang aking adhika.
Ang nais ko lang naman ay buhay na tahimik
Kapiling ang pamilya, malayo sa ligalig.

**Naliliwanagang masa:**
Kriminal lang ang nagpapalinis ng pangalan
Ikaw nama'y mabuti't marangal na mamamayan.
Sa tingin mo ba ika'y patatahimikin,
Ng mga kaaway matapos kang pasukuin?
Hindi magiging maayos ang iyong kalagayan.
'Pagkat ikaw ay tiyak na babalik-balikan.
Kalayaan mo ba iyong matatawag?
Kung karapatan mo'y patuloy na nilalabag?

**Lakandiwa:**
Narinig natin ang bawat panig
Tunay na ang isyu ay nakaliligalig
Muli nating sukatin ang kanilang katwiran
Pakinggan natin ang kanilang paninindigan

**Naguguluhang masa:**
Anuman ang iyong sabihin,
Wala na akong kayang gawin.
Wala na rin akong ibang makitang paraan.
Kundi paglilinis ng aking pangalan.
Dahil kung hindi, ako'y lalong pag-iinitan.
Ng mababangis na sundalong utusan ng gahaman.

**Naliliwanagang masa:**
Yun naman pala at alam mo na ang kaaway ay mababangis.
Ngunit bakit sa kabila nito'y pagsuko ang iyong nais?
Kaya't humanda ka rin na sa CAFGU rekrutin
Sa ayaw mo't sa gusto, ika'y pipilitin

**Naguguluhang masa:**
Normal na buhay ang gusto ko
Kaya ako'y susugal at susuko.
Buo na ang aking pasya.
Kaya pasensya na talaga.

**Nalilinawang masa:**
Normal?
Matatawag bang normal ang kalagayan mo?
Kung hawak ka sa leeg ng pasistang sundalo?
Kung patuloy kang magiging alipin at mamaliitin?
Mananahimik at patuloy na tatakutin?
At 'pag wala nang silbi ay tiyak na papaslangin?
Aagawan ng lupa at papalayasin?
Bundok na pag-aari mo'y miminahin, wawasakin
Yan ba ang normal na buhay na gusto mong kamtin?

**Naguguluhang masa:**
Hindi!
Hindi ganun ang hangad kong buhay.
Hindi ko rin gustong alipinin ng kaaway.

At paslangin kapag wala na akong pakinabang.
Nais ko lang ng mapayapang buhay.
Malayo sa kanilang mga pasistang kamay.

Ako ngayo'y walang trabaho, walang lupa
Walang makain ang aking pamilya
Ang ibibigay ng sundalong barya ay papatusin ko na
At ituturing na naming malaking biyaya

**Naliliwanagang Masa:**
Ang matatanggap mo'y barya
Habang kinukurakot ng sundalo'y milyon na
Programang E-CLIP, Balik-Loob at Suko-Baril
Kalauna'y yan din ang sa iyo'y sisingil

**Lakandiwa:**
Nagbabaga na nga ang ating entablado.
Sa palitan ng diskurso
ng ating mga delegado.
May patutunguhan nga ba ang pagsuko?

**Naliliwanagang masa:**
Walang kahihinatnan ang pagsuko sa kaaway ng mamamayan.
Kapalit ng barya at huwad na kalayaan.
Dapat tayong matutong manindigan,
sa ating dakilang ipinaglalaban.
Dapat pangalagaan ang rebolusyon at sambayanan,
paglingkuran ang masa hanggang katapusan.
May isang libo't isang paraan para iwasan ang sundalo
Malawak ang kabundukan, pwede rito magtago
Ang operasyon naman ay huhupa rin panigurado.
Kailangan lang na organisado ang buong baryo.

**Naguguluhang masa:**
Oo nga't malawak ang kabundukan.
Ngunit tiyak ka bang hindi sila roon daraan?
'Di ba't gubat nga ngayon ang kanilang pinupuntahan,
kapag ang mga kasama'y kanilang pinag-iinitan?
Kaya bakit ko pipiliing pumunta sa kagubatan?
Kung ang dulot naman nito'y kapahamakan?

**Naliliwanagang masa:**
Mabuti naman at nabanggit mo ang mga kasama.
Kung ayaw sa gubat pumunta,
Bakit hindi na lang kaya sumapi sa kanila?
Doon ay mas mapapabuti ka,
Maipagtatanggol ang sarili at ang masa.
Gamit ang ating mga sandata.
Tahakin ang landas tungo sa kalayaan.
Magrebolusyon at yakapin ang Bagong Hukbong Bayan!

**Naguguluhang masa:**
Hindi pa ako handa sa iyong mungkahi.
Meron akong asawa't anak kaya't hindi ko kayang sumapi.
Paano na sila kung ako'y maghuhukbo?
Kaligtasan nila ang inaalala ko

**Naliliwanagang masa:**
Kung ganun nga,
kailan ka pa magiging handa?
Ako'y may asawa't anak din, may pamilya.
Pero ako'y narito para sa kanilang paglaya.
Hindi para talikuran sila at iwan nang tuluyan
Kundi para sa kapakanan ng magsasaka,
sa pagtatanggol ng aking sarili,
at sa kinabukasan ng masang inaapi.
Ang rebolusyon ay para sa matagalan
at tunay na kapayapaan,
kapayapaang nakabatay sa hustisyang panlipunan.
Ito ang salalayan ng masaganang kinabukasan
at itatayong mapayapa at maunlad na lipunan.
Tungkulin natin itong ipaunawa sa mamamayan
pati sa kapamilya't mga kaangkan
upang tanggapin nila't suportahan
ang magiting na armadong paglaban.

Huwag mahulog sa patibong ng kaaway
Ang pagsuko ay walang saysay
Walang ibang dapat gawin
Kundi ang paglaban natin
Isulong ang Matagalang Digmang Bayan!
Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

**Naguguluhang masa na naliliwanagan na:**
Ako'y nakumbinsi mo na.
Maraming salamat kasama!
Hindi na magpapalinis ng pangalan!
Hindi na susuko sa kaaway ng sambayanan!
Lalabanan ang mga pasista kasama ang masa
At sa Bagong Hukbong Bayan ay sasampa na

**Lakandiwa:**
Malinaw ang ating panawagan
sa mga masa at mga kasama.
Manindigan at lumaban!
Kampanyang pagpapasuko, tiyak na mabibigo
Kung patitibayin ang bigkis ng masa at hukbo.

Sa ika-52 anibersaryo ng mahal nating Partido
nagpupugay ang sambayanang Pilipino
at nagdiriwang ang Pulang hukbo.
Ipagpapatuloy natin ang paglaban,
Tungo sa ganap na kalayaan!